# Ang Iyong Impormasyon para sa Senso 2020 ay protektado

Para sa Senso 2020, inirerekomenda ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang pagkumpleto ng palatanungan online. Kahit na kinumpleto mo online ang palatanungan o sa pamamagitan ng papel na aplikasyon, priyoridad ang pagprotekta ng iyong personal na impormasyon.

Ayon sa batas, hindi maaaring gamitin ang iyong personal na impormasyon laban sa iyo at ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay nagsagawa ng mga panseguridad na hakbang upang tiyakin na ang proseso ay ligtas sa bawat hakbang nito.

## Pagkakumpidensiyal



**Titulo 13**
Ipinagbabawal ng Titulo 13 ng Kodigo ng U.S. na magbahagi ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ng binibigay mong impormasyon ng pagkakakilanlan sa anumang ibang ahensiya o sinumang opisyal ng pamahalaan (kabilang ang mga opisyal ng imigrasyon o anumang ahensiya ng pagpapatupad ng batas), panlabas na entidad, o hukuman ng batas para sa anumang dahilan.

**Panunumpa para sa Senso**
Ang bawat empleyado ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ay panghabangbuhay na sumusumpa na protektahan ang iyong personal na pagkakakilanlan at hindi pinapahintulutan na gamitin ang impormasyon na iyong ibinigay laban sa iyo sa anumang dahilan. Ang mga paglabag sa batas ay maaaring mapatawan ng sentensiya sa pagkakakulong sa pederal na kulungan hanggang limang taon, multa ng $250,000, o pareho.

## Mga cybersecurity na proteksiyon

**Federal Cybersecurity Enhancement Act**
Tinitiyak ng Batas sa Pagpapabuti ng Cybersecurity ng Pederal na Pamahalaan (Federal Cybersecurity Enhancement Act) ng 2015 na protektado ang iyong impormasyon at mga datos mula sa mga panlabas na panganib sa cybersecurity. Hindi kailanman ihahayag o ilalathala ang iyong pangalan, tirahan, at numero ng telepono.



**Census Action Kiosks (Mga Puwesto sa Pagkilos para sa Senso)**
Kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot sa senso online, pumunta sa census.lacity.org upang humanap ng Census Action Kiosk na malapit sa iyo.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, maki-pag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.